DEPARTMENT OF HEALTH

# Ano ang TB blood test?

Ang tuberculosis (TB) blood test, na tinatawag din na isang interferon Gamma Release Assay o IGRA, ay isang paraan para malaman kung mayroon kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. Ang dalawang available na mga blood test ay **QuantiFERON®-TB** at **T-SPOT®.TB**.

## Dapat kang masuri sa TB kapag ikaw ay:

- madalas nagkakaroon ng malapitang pakikisalamuha sa isang tao na may aktibo at nakakahawang TB,
- nakatira sa isang bansa kung saan marami ang may TB,
- nagtatrabaho o nakatira sa isang tahanan ng pangangalaga, klinika, ospital, o bahay kalinga,
- o kung hindi masyadong malakas ang iyong sistema ng imyunidad.

Dapat magkaroon ng TB skin test sa halip na TB blood test ang mga bata na wala pang 2 taong gulang.

## Paano ako makakakuha ng TB blood test?

Hilingin sa iyong provider ng pangangalaga sa kalusugan. Kukuha sila ng kaunting ng dugo at ipadadala ito sa laboratoryo. Dapat sabihin sa iyo ng iyong provider ng pangangalaga sa kalusugan kung negatibo o positibo ang resulta ng iyong pagsusuri pagkatapos ng ilang araw.

## Paano kung negatibo ang resulta ng aking TB test?

Ang negatibong resulta ng TB blood test ay karaniwang nangangahulugang wala kang mikrobyo ng TB sa iyong katawan.

## Paano kung positibo ang resulta ng aking TB test?

Ang positibong resulta ng TB blood test ay nangangahulugang malamang na may mikrobyo ng TB sa iyong katawan. May nakatagong impeksyon ng TB ang karamihan sa mga taong positibo sa TB blood test. Para sigurado, susuriin ka ng iyong provider ng pangangalaga sa kalusugan at magsasagawa ng chest x-ray. Maaring kailanganin mo ang iba pang mga pagsusuri para malaman kung may nakatago kang impeksyon ng TB o aktibong TB.

## Ano ang nakatagong impeksyon ng TB?

May dalawang yugto ang TB. Maaring magamot ang parehong yugto.

Kapag pumasok sa iyong katawan ang mga mikrobyo ng TB, magdudulot ang mga ito ng nakatagong impeksyon ng TB. Kapag hindi nagamot, maaring maging aktibong TB ang nakatagong impeksyon ng TB.

| Yugto 1 – Nakatagong Impeksyon ng TB | Yugto 2 – Aktibong TB |
|---|---|
| Dormant ang mga mikrobyo ng TB (‘natutulog’) sa katawan mo. Maaring magtagal ang yugtong ito – kahit maraming taon. | Aktibo ang mga mikrobyo ng TB (‘gising’) at kumakalat. Sinisira ng mga ito ang tisyu sa katawan mo. |
| Hindi ka magmumukha o makakaramdam na may sakit. Kadalasang normal ang chest x-ray mo. | Kadalasang mararamdaman mo na may sakit ka. Magsasagawa ang iyong provider ng pangangalaga sa kalusugan ng espesyal na mga pagsusuri para alamin kung saan pinipinsala ng mga mikrobyo ng TB ang katawan mo. |
| Hindi mo maikakalat ang mga mikrobyo ng TB sa ibang tao. | Kung nasa iyong mga baga ang mga mikrobyo ng TB, maikakalat mo ang TB sa ibang tao sa pamamagita ng pag-ubo, pagbahing, pagsasalita, o pagkanta. |
| Ginagamot sa pamamagitan ng pag-inom ng isa o dalawang gamot sa loob ng tatlo hanggang apat na buwan. | Ginagamot sa pamamagitan ng pag-inom ng tatlo o apat na gamot sa loob ng hindi bababa sa anim na buwan. |

## Paano kung nagpabakuna ako ng BCG?

Tumutulong ang bakunang BCG (bakuna sa TB) na protektahan ang mga maliliit na bata mula sa pagkakaroon ng malalang sakit dahil sa aktibong TB. Nawawala ang proteksyong ito habang tumatanda ang tao.

Magkakaroon pa rin ng nakatagong impeksyon ng TB at aktibong TB ang taong nagpabakuna ng BCG.

Kung nagpabakuna ka ng BCG at may pagkakataon kang magkaroon ng TB blood test o TB skin test, mas makabubuti para sa iyo na kumuha ka ng TB blood test. Ito ay dahil hindi naaapektuhan ng bakunang BCG ang TB blood test. Nangangahulugan ito na magiging positibo lamang ang iyong TB blood test kapag may mga mikrobyo ng TB sa katawan mo.

Protektahan ang iyong kalusugan at kalusugan ng iyong pamilya – kumuha ng TB blood test!

Minnesota Department of Health
Tuberculosis (TB) Prevention and Control
1-877-676-5414 or 651-201-5414
www.health.state.mn.us/tb

02/24

*Para makuha ang impormasyong ito sa ibang format, tumawag sa: 651-201-5414.*